Pinansyal na Suporta sa Pananalapi para sa mga Taong May Kapansanan

SUPPORT FOR FAMILIES
EDUCATION • EMPOWERMENT • EQUITY

Family Resource Navigators

California State Council on Developmental Disabilities

Mga Matututuhan

Suriin ang mga programa sa pinansyal na suporta

Matutuhan ang mga kasangkapan/kasamang dokumento para na magagamit sa pinansiyal na mga programa o institusyon.

Lahat tayo ay nangangailangan ng tulong paminsan-minsan...

Karamihan sa atin ay nakakakuha ng tulong kapag nagdedesisyon, lalo na sa desisyon sa pera.

May mga gumagawa ng sariling desisyon (mayroon o walang tulong), may mga humihiling na iba ang magdesisyon para sa kanila, at may ilan na nagdedesisyon nang may kasama, nagdedesisyon kasama ng mga kaibigan o kapamilya.

Ano ang Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon para sa mga Taong May Kapansanan?

Isang batas na tinatawag na AB 1663 ang tumutulong sa **mga may taong kapansanan (PWD)** na piliing gamitin o gawing pormal ang mga suporta sa paggawa ng desisyon para sa kanila sa **suportadong paggawa ng desisyon (supported decision-making) o SDM**.

Sa SDM, ang PWD ang may kapangyarihang gumawa ng desisyon, pumili ng ang mga tagasuporta para makatulong sa pagdedesisyon, at gumagawa ng pinal na desisyon.

Maaaring piliing gamitin ng PWD ang SDM sa lahat ng pagkakataon, kabilang ang mga pinansyal na bagay.

Puwedeng gamitin ng PWD ang suportadong paggawa ng desisyon habang gumagawa ng pinansyal na desisyon

Mag-asikaso	Ang tagasuporta ay puwedeng mag-asikaso, tumulong na gumawa ng appointment, o maging presente kapag gumagawa ng pinansyal na desisyon.
Sumubaybay	Puwedeng tumulong ang tagasuporta sa PWD para masubaybayan nito ang pera nito.
Umalala	Puwedeng tumulong ang tagasuporta sa PWD para alalahanin kung ano at kailan kailangang ibigay ang dokumento sa pinansyal na mga programa.

Puwedeng gamitin ng PWD ang suportadong paggawa ng desisyon pagdating sa pinansyal na sitwasyon

Makipag-ugnayan	Puwedeng tumulong ang tagasuporta sa PWD para sa pakikipag-ugnayan sa pinansyal na programa.
Umunawa	Puwedeng tumulong sa PWD ang tagasuporta para maunawaan nito ang iba't ibang programa at pinansiyal na desisyon na baka kailanganing gawin.
Magrekord	Puwedeng magtado ang tagasuporta ng rekord ng ginawang pinansiyal na desisyon.

Mga Programa ng Pinansiyal na Suporta Para sa PWD

Ang CalFresh ay para sa mga taong may mababang kita na nakaabot sa pederal na tuntunin ng kuwalipiasyon sa kita at gustong magdagdag sa kanilang badyet para makakain sila ng masustansiyang pagkain.

Simula Hunyo 1, 2019, ang mga tatanggap ng benepisyo ng SSI/SSP ay posibleng kuwalipikado para sa mga benepisyo ng CalFresh Food. Walang pagbabago sa buwanang benepisyo ng SSI/SSP.

https://www.cdss.ca.gov/food-nutrition/calfresh

Pangangasiwa ng Social Security (Social Security Administration (SSA))

https://www.ssa.gov/disability

Kita sa Social Security (Social Security Income (SSI))

- Ang Social Security ay nagbabayad ng benepisyo sa mga hindi makapagtrabaho dahil sa medikal na kondisyon o kapansanan na inaasahang tatagal nang hindi bababa sa isang taon o puwedeng humantong sa kamatayan.
- Hindi kahilingan ng SSI na may naging trabaho ang PWD. Nagbibigay ito ng pinansyal na tulong sa PWD para matustusan ang mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain, damit, at tirahan kung ikaw ay may kapansanan o edad 65 pataas.
- Ang kita at ari-arian ng PWD ay kailangang pasok sa itinakdang limitasyon para maging kuwalipikado at para patuloy na makatanggap ng benepisyo, kailangang manatili ang PWD sa loob ng limitasyong ito.
- Nagkakaiba-iba ang halaga ng bayad mula sa SSI depende sa estado, dahil may ilang estado na nagdaragdag sa bayad ng SSI.

Social Security Income para sa wala pang 18

- Ang buwanang bayad ng SSI ay maaaring ibigay sa isang legal na tagapag-alaga ng batang edad 18 at mas bata, kung mayroon siyang medikal na kondisyon o kombinasyon ng kondisyon na pasok sa depinisyon ng SSA ng kapansanan.
- Ang kita at ari-arian ng pamilya at ng bata ay dapat na pasok sa limitasyon sa pagiging kuwalipikado.
- Kapag nakakatanggap na ng SSI ang anak mo, hinihiling ng batas na suriin ng SSA ang medikal na kondisyong nito sa pana-panahon para maberipika na pasok pa rin ang kapansanan niya sa pamantayan ng SSA.
- Kapag naging adulto na ang bata sa edad na 18, iba na ang tuntuning gagamitin ng SSA sa medikal at di-medikal na sitwasyon kapag nagpapasya kung puwedeng makakuha ng benepisyo ng SSI ang adulto.

Kita sa Kapansanan mula sa Social Security Disability Income (SSDI)

- Ang Social Security ay nagbabayad ng benepisyo sa mga hindi makapagtrabaho dahil sa medikal na kondisyon na inaasahang tatagal nang hindi bababa sa isang taon o puwedeng humantong sa kamatayan.
- Ang halagang makukuha mo ay depende sa kung gaano katagal kang nagtrabaho (mga kredito sa trabaho), ang kita mo sa panahong iyon, at ang edad mo.
- Sa ilang kaso, puwedeng tumaas ang mga benepisyo dahil sa karagdagang miyembro ng sambahayan.

SSDI May Kapansanang Adultong Anak (SSDI Disabled Adult Child (DAC))

- Ang programa ng SSDI ay nagbabayad ng mga benepisyo sa matatandang may kapansanan na nagsimula bago sila mag-22 taong gulang.
- Para maging kuwalipikado ang adultong may kapansanan sa benepisyo ng "anak" na ito, isa sa mga magulang niya ay dapat:
  - Tumatanggap ng benepisyo sa pagreretiro o kapansanan mula sa Social Security.
  - Namatay at nagtrabaho para kumita ng sapat para maging kuwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security.
- Ang halagang matatanggap ng PWD ay depende sa kung gaano katagal at kung magkano ang kinita ng magulang habang nagtatrabaho.
- Ang mga benepisyo ng SSDI Disabled Adult Child (DAC) ay nagpapatuloy hangga't may kapansanan sila. Posibleng makaapekto ang pag-aasawa ng DAC sa pagiging kuwalipikado sa benepisyong ito.

Mga Programa ng Insentibo sa Trabaho/Tiket sa Trabaho

- Ang bawat isa sa edad na 18 hanggang 64 na tumatanggap ng benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI) at/o Supplemental Security Income (SSI) dahil sa kapansanan niya ay kuwalipikadong sumali sa Programang Tiket sa Trabaho.
- Ang mga benepisyaryo ng SSI/SSDI ay maaaring pumasok, muling pumasok, o magpatuloy sa trabaho nang hindi nababawasan ang benepisyo ng SSI/SSDI.
- Ang ilang mga programa ng WIP/TTW ay parehong available sa tumatanggap ng SSI at SSDI, at may ilan na available lang sa mga tumatanggap ng SSI o SSDI.
- Malamang na maging kuwalipikado ang PWD para sa WIP sa pamamagitan ng Department of Rehabilitation.

https://choosework.ssa.gov/

Abot-kayang Opsyon sa Pagrenta ng Bahay

Available ang programa ng tulong sa pabahay sa mga pamilyang napakababa ang kita, matatanda, at mga may kapansanan para makayanan ang disente, ligtas, at malinis na bahay.

Nag-aalok ang programang ito ng iba't ibang antas ng suporta na nagkakaiba pagdating sa pinansyal na suporta, pagpapaayos ng apartment, sistema ng suporta sa lugar, at iba pa.

Listahan ng mga karaniwang programa sa pabahay:

- Mas Mababa sa Presyo sa Merkado – Nakalaan ang mga apartment para sa mga pamilya sa loob ng isang partikular na antas ng kita (AMI) sa isang di-nagbabagong presyo ng upa.
- Mga Voucher ng Pagpipili ng Bahay (mas kilala bilang Seksyon 8) - Tumutulong sa may voucher na magrenta ng apartment. Ang may voucher ay nagbabayad ng 30-40% ng buwanang kita niya at ang awtoridad sa pabahay ang nagbabayad sa natitira. Kapag umalis ang may voucher, kasama nila ang voucher.
- Project Based Voucher – Mga apartment na nakareserba sa isang komunidad ng mga apartment kung saan nagbabayad ang nangungupahan ng 30%-40% ng kanilang buwanang kita.

Karaniwang mahaba ang waitlist ng mga programang ito na maaaring tumagal ng 5-10 taon dahil sa affordability ng pabahay.

Programa ng Abot-kayang Pagmamay-ari ng Pabahay

Ang bahay na Mas Mababa sa Presyo ng Merkado (Below-Market-Rate, BMR) ay isang yunit abot-kaya ang presyo para sa mga pamilyang may katamtamang kita o mas mababa batay sa isang partikular na limitasyon ng kita (AMI) kapag binili. Dapat na pangunahing tirahan ng mga may-ari ng BMR ang yunit na ito.

Pinangangasiwaan ng lungsod o county ang mga programa kung nasaan ito. Available ang mga yunit sa waitlist, at kailangang kumpletuhin ng mga pamilya ang edukasyon tungkol sa paunang kuwalipikasyon kabilang ang pagkakaroon ng liham ng paunang pag-aproba ng mortgage.

Kung gusto ng may-ari ng bahay na ibenta ang yunit, dapat niyang sundin ang mga tuntunin at kondisyon na itinakda sa panahon ng pagbili kabilang ang pagtatrabaho sa lungsod/county kapag ibinebenta ito susunod na may-ari na kwalipikado sa pamamagitan ng programa o pagtaas ng presyo ng loan sa ilang mga kaso.



Pamamahala sa Pananalapi para sa PWD

Mga Joint Bank Account

- Ang ilang PWD ay gumagawa ng mga joint bank account kasama ang kanilang tagasuporta. Bilang mga may-ari ng joint account, pareho silang makakagawa ng pinansyal na desisyon at makakasubaybay kung paano nagagamit ang pondo.
- Ang joint bank account ay maaaring makatulong na maiwasan ang potensyal na salungatan ng interes o pang-aabuso.

CalABLE

- Pinapayagan ng CalABLE account ang PWD na mag-ipon nang hindi naaapektuhan ang kuwalipkasyon niya sa pampublikong benepisyo. Sa 2025 hanggang $100,000.
- Puwedeng magdeposito sa account ang PWD, kapamilya, at kaibigan.
- Puwedeng gamitin ang pondo para bayaran ang gastos na kailangan para suportahan ang isang PWD.
- Ang mga may kapansanan na nagkaroon nito bago ang edad 26* na nakaabot sa partikular na pamantayan ay kuwalipikadong magbukas ng CalABLE account.
- Isa itong account na may bentaha sa buwis na may iba't ibang opsyon ng pamumuhunan na pinamamahalaan ng mga propesyonal

*Edad 46 simula Enero 1, 2026

https://calable.ca.gov/

Trust ng Espesyal na Pangangailangan Special Needs Trust (SNT)

Nagpapahintulot sa PWD na manatiling kuwalipikado para sa pampublikong benepisyo kahit may mga asset na karaniwang nagiging dahilan para maging di-kuwalipikado ang isa.

Ang paggawa ng SNT ay maaaring maging masalimuot at magastos kaya inirerekomenda na magpatulong sa isang abogado.

Isang trustee ang humahawak, nangangasiwa, at namamahagi ng lahat ng asset na nasa trust para sa kapakanan ng may kapansanan habang buhay ito.

Ang rekord tungkol sa asset ng SNT at paggamit ng pondo ay kailangang ingatan at regular na ibigay sa mga programa sa pinansiyal na tulong.

Ang paggamit ng SDM para suportahan ang pinansiyal na desisyon ay maaaring maging mahalaga. Kung patiunang magpaplano ang tagagawa ng desisyon at mga tagasuporta niya, maiwasan ang salungatan ng interes. Puwedeng makatulong ang espesipikong mga dokumento o kasangkapan, pati na ang pagpaplano kasama ang tagasuporta kung paano at kailan gagamitin ang SDM.

Bilang karagdagan, maaaring gusto ng tagagawa ng desisyon na ilagay ang espesipikong mga sitwasyon kung kailan pinapayagan ang ibang tao na gumawa ng pinansyal na desisyon para sa kanila, gaya ng kapag may emergency.

MGA KASANGKAPAN AT KASAMANG DOKUMENTO

Ang pagkakaroon ng access sa impormasyon tungkol sa pananalapi ay maaaring mahalaga para sa isang tagasuporta para tulungan ang isang tao sa pagdedesisyon.

Higit pa kaysa sa karamihan ng iba pang larangan ng paggawa ng desisyon, may posibilidad ng salungatan ng interes kapag ginagamit ang SDM sa mga desisyong pinansyal.

Ang PWD na gumagamit ng SDM ay baka kailangang pumirma ng espesipikong dokumento kaya maa-access ito ng tagasuporta para masubaybayan o makagawa ng desisyon.

Dapat gumawa ng maagap na hakbang ang mga tagasuporta upang maiwasan ang totoo, maaaring ipagpalagay, o posibleng salungatan ng interes.

Awtorisadong Kinatawan (SSI/SSDI)

Ang awtorisadong kinatawan ay isang taong pinili ng PWD na kumilos para sa kaniya.

Puwedeng pumili ang PWD kung tungkol saan ang puwedeng ipakipag-usap ng tagasuporta sa SSA.

May espesipikong form ang SSA na hinihiling nilang punan.

Kinatawang Tagapamahala ng Bayad (SSI/SSDI)

Ang kinatawang tagapamahala ng bayad ay maaaring italaga ng PWD o baka makita ng SSA na kailangang magtalaga ng nagbabayad para sa kapakanan ng PWD.

Ang mga bayad mula sa SSI/SSDI ay direktang ipinapadala sa kinatawang tagapamahala ng bayad.

Kahilingan ng SSA na magkaroon ng bukod na account sa bangko para sa PWD. Dapat magbigay ang nagbabayad ng impormasyon tungkol sa kung paano ginamit ang pera ng indibidwal.

Ang kinatawang tagapamahala ng bayad ay responsable sa pagbabayad ng mga bayarin ng indibidwal, pag-iipon ng pera, atbp.

Durable Power of Attorney para sa Pera

Ang Durable Power of Attorney ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa PWD na magtalaga ng ibang tao para magdesisyon sa pera ng PWD kapag hindi na kayang magdesisyon ng PWD. Nagbibigay ito sa taong iyon (tinatawag na kinatawan mo) ng mga tagubilin tungkol sa mga uri ng mga pinansyal na desisyon na maaari niyang gawin.

Dapat na kilalanin ang dokumentong ito sa lahat ng pinansiyal na setting kapag kinakailangan.

Kasamang Kasunduan/Dokumento

- Ang kasamang dokumento ay maaaring pirmahan ng tagagawa ng desisyon pero posibleng hindi kailangan para sa SDM.
- Baka humiling ang isang sistema ng pinansyal na suporta ng isang partikular na dokumento na nilagdaan para pahintulutan ang pag-access sa impormasyon ng PWD.
- Puwede ring pumirma ng SDMA ang mga tagasuporta na para kumpirmahin na nauunawaan nila ang papel nila.
- Puwedeng kasama rito ang backup na plano kung hindi available ang mga tagasuporta o kung ang tagagawa ng desisyon (PWD) ay hindi kayang magpahayag ng pangangailangan o desisyon nito.

Desisyon ng isang tao kung siya ang gagawa ng sariling desisyon, magpapatulong, o magpapasiya kasama ng iba. Ang PWD ang pipili kung sino ang gusto niyang sumuporta sa kaniya at ang uri ng suportang gusto niya.

Baka sa tingin niya ay mapipigilan ang salungatan ng interes at pang-aabuso sa tulong ng ilang dokumento, gaya ng form ng awtorisadong kinatawan o SDMA.

Ang pagplano para sa pinansyal na desisyon (pati na sa emergency) ay makakatulong sa tagapagdesisyon na maibigay ang kailangan at priyoridad nila.

MAY MGA TANONG KA BA?

California State Council on Developmental Disabilities

Ang gawaing ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang grant mula sa SCDD at SDM-TAP